

Ano ang Sexual Harassment?

- * Ang *sexual harassment* ay ang mga aksyon o pananalitang di kanais-nais na dulot ng ibang tao sa iyo. Isa itong klase ng *sexual assault*.
- * Iba-iba ang dating ng *sexual harassment* sa iba't-ibang tao. Ang naituturing na *sexual harassment* ng isang tao ay maaaring hindi *sexual harassment* para sa iba.
- * Ang mga taong *harasser* ay di laging naghahanap ng seks, bagamat malimit na iyon din naman ang nag-uudyok sa kanila.
- * Ang *harasser* ay karaniwang may katungkulan – maaaring siya ay ang iyong amo o boss, o guro. Maaaring gamitin niya ang kanyang pagkakaroon ng katungkulan sa panliliit, panghihiya o pambabastos sa iyo. Maaari rin niyang gamitin ang kanyang kalamangan sa paghinggi ng pabor na seksuwal kapalit ng pag-asenso sa trabaho o pagkakaroon ng mataas na marka sa klase.

ANO ANG MAAARI MONG GAWIN PARA MAKATULONG SA BIKTIMA NG SEXUAL ASSAULT

- Maging maunawain at mapagsuporta sa halip na mahiya o labis na mabahala.
- Bigyang-galang ang damdamin ng biktima. Unawain na hindi niya kasalanan ang lahat ng ito.
- Tulungan ang biktimang magbukas-loob ukol sa kanyang karanasan sa ibang taong may kaparehong karanasan.
- Samahan siyang kumuha ng impormasyon at iba pang kinakailangang tulong.
- Karapatan ng biktimang gumawa ng sarili niyang desisyon. Tulungan mo siyang magdesisyon ng maayos.

HINDI KAILANGANG MAGTIIS

Hatid sa inyo ng:



Women's Health and Development Program



Women's Health and Safe Motherhood Project (WHSMMP)



Sexual Harassment

TAGALOG

Kung ikaw ay makararanas ng **Sexual Harassment...**

1 Sabihin Mo Na Ayaw Mo



Sabihin mo sa iyong *harasser* na hindi ka interesado sa kanyang pagbibigay-pansin at pambabastos sa iyo. Maaari mo rin siyang padalhan ng sulat na malinaw na nagsasaad ng pagkabahala at pagkawalang-interes mo sa kanyang mga aksyon. Siguraduhin lang na magtago ka ng isa pang kopya ng nasabing sulat.

2 Isulat Mo

Itala mo sa isang notebook o diary ang mga detalye ng harassment sa iyo. Ilista mo ang mga petsa, oras, lugar na pinangyarihan ng nasabing harassment, pati na rin ang mga klase ng harassment na iyong naranasan. Makatutulong rin kung isusulat mo ang iyong mga naging reaksyon at ang mga tugon niya sa reaksyon mo. Kung may mga naging saksi sa mga pangyayari, isama mo na rin ang mga pangalan nila.



3 Ipagsabi Mo



Huwag mong sarilinin ang pangyayari. Ikuwento mo sa ibang taong mapagkakatiwalaan mo para magkaroon ka rin ng suporta sa iba.

4 Magsampa Ka Ng Kaso



Alamin mo kung mayroong mga komite sa inyong lugar na pinagtatrabahuhan o pinag-aaralan na maaari mong lapitan para magsampa ng kaso laban sa iyong *harasser*.

Para sa kailangang tulong:

Kumonsulta sa pinakamalapit na "Women and Children Protection Unit" ng Department of Health (DOH) Hospital.